# Resignation Day

John Lloyd C. Casoy
Polytechnic University of the Philippines, Manila, Philippines

## ABSTRACT

The central image of the poem focuses on a female teacher who is resigning from being a teacher. It is narrated from the point of view of a fellow teacher who serves as the poem's persona. The persona describes the feeling of finally breaking free from the chains that bound her. The metaphor of revolution is used to signify that the teacher has finally awakened from the oppressive system.

## KEYWORDS:
faculty room, resignation, teacher

## ABSTRAK (FILIPINO)

Nakasentro ang sentral na imahe ng tula sa isang titser na nag-resign. Mula sa point-of-view ng katrabahong guro bilang persona sa tula, inilarawan niya ang pakiramdam na sa wakas ay makaaalis na sa lugar na tumanikala sa kaniyang paglago bilang tao at isang guro. Inilarawan ng persona ang guro na bagama't may lugod sa paglayo ay may kurot din itong nararamdaman. Bittersweet ika nga. Subalit, inilarawan ng persona ang kapwa guro na nagrebolusyon na dahil sa wakas ay nagising na rin ito.

## MGA USING SALITA:
faculty room, resignation, guro

## ARTICLE HISTORY

**Editor-in-Chief:**
Excelsa C. Tongson, DSD

**Received:**
August 05, 2024
**Revised:**
November 12, 2024
**Accepted:**
November 19, 2024

Casoy, J.(2024). Resignation day. *PRISMA: Gender and Education e-journal, 1,* 43-49.

Corresponding Author: johnlloyd.casoy@deped.gov.ph

## ABSTRACT (WARAY)

Usa nga maestra na maukoy na ha pagtutdo an sentro nga imahe hinin siday. Gin istorya ine ha punto de bista han iya igkasi magturutdo. Amo ine an persona han siday. Gin-esplikar han persona an gin-aabat han maestra yana nga uutdon na niya an kadena nga nagpapasakit ha iya. Gin gamit an metapora han rebolusyon nga nagrerepresentar han maestra nga nahimangno na tikang han maato-ato nga sistema.



## MGA SUSING SALITA:

faculty room, pag-undang ha trabaho, maestra


### Resignation Day

Burado na ang mga guhit sa kaniyang noo
huminahon na rin ang dati'y nag-aambahan
na mga kilay na plakadong-plakado

maga pa rin ang kaniyang mga mata
pero lumuwag na ngayon ang paghinga niya,
wari'y nakalanghap ng sariwang hangin

sa may Cloud 9 o sa Pinto Arts Museum.
Maaga siyang gumising upang ayusin
ang mga papel na magiging mga sedula

na lalagdaan niya't pupunitin
wangis ng rebolusyonaryong sa wakas ay nagising.
Magulo pa rin ang kaniyang lamesa

pero hindi na sinlala kahapon,
mas káya niya na itong ayusin ngayon.
Nakaipon na sa wakas ng lakas

na itapon ang mga hindi na kailangan
plake, medalya, at kung ano-anong
hindi naman nagpagaan sa kaniyang trabaho.

At matapos ayusin ang lamesang
ilang taon ding naging tagasalo ng laway
kapag nakakatulog sa sobrang pagod,

lumabas siya ng faculty room
at nilasap ang kalayaan.

## Author's Note

Ang danas ng gurong naitampok ko bilang musa sa tulang "Resignation Day" ay kahalintulad din ng ibang mga empleyado, anoman ang larang o sektor, na sa wakas ay nakita na ang sariling halaga bago pa man malagutan ng hininga. Magkahalong paghanga at inggit ang naramdaman ko sa kapwa-guro na inspirasyon ng tulang ito. Kay tapang-tapang ni Ma'am! Magkapareho niyang kinarga ang lumbay at ligaya sa kaniyang pag-alis. At sa huli, nagwagi siya; naisalba niya ang sariling katinuan. At bilang guro din, naiwanan akong nagtatanong: *Magagawa ko rin kaya ang nagawa niyang pagmamahal sa sarili?*

## Background

Tinataguriang "multo ng panitikan" ang mga babaeng manunulat.

Ito ang nabitbit ko sa isang interbyu kay Dr. Evelyn P. Antonio, propesor sa Manila Tytana Colleges, nang iluwal niya ang kaniyang aklat na "Retoke". Sa pagpapaliwanag ni Antonio (2024 ), binigyang-diin niya na ang mga babaeng manunulat, lalo kung pamilyado na, hindi lang siya manunulat, nanay rin siya, asawa, anak, at kapatid. Kaya susulpot at bigla siyang mawawala sa eksena dahil mas malakas ang tawag ng pagiging ina kaysa tawag ng sining. Maswerte kung makababalik pa, pero sa bigat ng responsibilidad ng pagiging nanay, posibleng maisantabi nila nang tuluyan ang pluma at papel at tuluyang pumurol ang panulat.

Isang nakalulungkot na katotohanan na darating ang yugto sa buhay ng isang babae na may kung ano sa kanila ang mawawala, tulad ng minamahal nilang sining o trabaho, dahil bukod sa kinakailangan, ito ang itinakda ng lipunan sa kanilang kasarian: isakripisyo ang sarili sa ngalan ng pagiging babae at pagiging ina. Sa pag-aaral ng National Economic and Development Authority (2019) , lumalabas na ang pagbaba ng partisipasyon sa trabaho ng mga babaeng edad 25-29 ay dahil sa pagpapakasal at panganganak. Sa mga pamilyang patriyarkal, ang nabawas na employment sa mga kababaihan ay nasa 8-13 porsyento.

Mula sa datos na ito, lumalabas na kultural pa rin ang primaryang dahilan sa sakripisyo ng mga kababaihan lalo kapag may asawa at anak na. Pambahay pa rin ang mga kababaihan at ang lalaki bilang padre de pamilya ay kailangang lumabas ng bahay at magtrabaho. Sa ganitong set-up, naisasantabi ang potensiyal ng mga babae na maging "provider" din ng pamilya, pero bukod

doon, nawawalan din siya ng identidad dahil sa normalisadong nosyon na ito ng pagsasakripisyo ng mga kababaihan.

Kaya hindi na rin ako magtataka kung bakit maraming "rant" ang mga nanay/misis tungkol sa sakripisyo nila bilang isang ina. Sa Facebook post ng isang netizen na si Ka Lin (2024 ), sinabi niyang, "Noong nagkaanak ako nagbago na ang hugis ng katawan ko, ganyan ang nangyayari sa katawan ng isang babae pagkatapos niyang manganak. Habang nadadagdagan din ang edad nagpapatong patong na rin ang mga taba at bilbil, lumulusyang ika nga. Kadalasan ay nawawala na rin ang interest mag-ayos sa sarili na wari baga pag nanay na at matanda ka na talagang lusyang na dahil ang oras mo nasa mga gawaing bahay na nalalaan, pag-aasikaso sa mga anak o pamilya plus kung working mother pa ito. Anong energy na lang matitira para sa sarili di ba? At ang masakit ay na-didiscrimanate pa dahil sa kanyang edad. Hindi madali ang papel na ginagampanan ng isang babae."

Bukod sa epekto ng pagiging ina at asawa sa passion o trabaho ng babae, lumilitaw rin ang manipestasyon ng kanilang sakripisyo sa pisikal na aspeto. Sa maraming pagkakataon, natanggap na't nanormalisa ang ideyang malulusyang at mawawalan ng alindog ang babae kapag may anak na. Sakripisyo ulit. Posible naman makarekober ang babae sang-ayon na rin sa ekonomikal nitong kalagayan. Kapag may kaya siya o may-kaya ang napangasawa, dahil may yaya naman at may pera para magpaganda ulit. Sa kabilang banda, kung mula sa lower class ang babae at ang napangasawa na kakarampot pa rin ang sahod, ipampapaganda pa ba ang ipanglalaman na lang ng sikmura?

Sa ganitong pagtingin, ang sakripisyo ng mga babae ay mas pinabibigat at pinalalala pa lalo ng mga aspetong bayolohikal, kultural, ekononomikal, at politikal. Lumalabas na sistemik ito. Dahil babae, itinakda nang katawan nila ang magdadala at magluluwal ng sanggol. Kultural dahil sa mga paniniwalang ang mga nakapalda ay dapat makontento lamang sa paglilinis ng apat na sulok ng kanilang bahay. Ekonomikal dahil mababawi naman sana kahit papaano iyong mga nasakripisyo nila lalo sa usapin ng pampapaganda ng katawan kung may pera lang bukod sa ipambibili sa araw-araw na pangangailangan. Politikal din dahil kung makatao lamang ang sahod ng lahat ng mga manggagawa, kahit papaano'y mayroong pang-'self care' ang mga misis na pagod mag-asikaso sa bahay sa buong maghapon. Politikal din ito dahil sa pagtingin sa babae bilang mahina at tagasunod lamang sa dikta ng asawang lalaki.

Ang ganitong pagdidiskurso sa sakripisyo ng mga babae ang pangunahing tuntungang pananaw o pilosopiya ng tulang "Resignation Day". Bukod sa depiksiyon sa kinahantungan ng maling pananaw sa konsepto ng "sacrifice" sa mga kababaihan, naglalaragway rin ng maraming posibilidad ang tula katulad ng isang lipunang nag-resign na sa mababang turing sa mga kababaihan. Isang estadong nag-resign na sa mapanggiit na trato sa mga babae. At magiging posible lang 'yon kung magre-resign na tayo mula sa atrasadong mga paniniwala hinggil sa pagiging babae at pagkababae.

## Description

Ang tulang "Resignation Day" ay talâ ng kasalukuyan pa ring danas ng maraming pampublikong-guro sa Pilipinas. At kung paanong nakaaapekto sa well-being ang maraming atrasado pa ring polisiya ng kagawaran tulad ng makupad at pahirapang promosiyon. Gayunman, ipinagdiriwang din sa akda ang tapang ng isang babaeng guro na sa wakas ay pinili ang sariling katinuan bago pa tuluyang lamunin ng bulok na sistema.

## Significance/contribution to Gender and Education

Ang tulang "Resignation Day" ay malinaw na isang protesta sa estadong romantisado ang trato sa propesyon ng pagtuturo. Oo nga't bayani ang mga guro pero tao rin sila at hindi nararapat na sikilin at pagkaitan ng mga karapatan, tulad ng nakabubuhay na sahod at pagbabawas ng sangkatutak na administrative tasks. Hangga't umiiral pa rin ang romantisadong nosyon na ito, magiging palusot lamang ito ng estado upang hindi baguhin ang nanggigitatang sistema ng edukasyon lalo sa mga pampublikong paaralan. Mananatiling naratibo pa rin ng maraming mga guro ang *"Nagawa na nila lahat, pagtuturo na lang ang hindi."* Mananatili pa ring kulelat ang mga bata. At ang pagpapatuloy ng krisis sa edukasyon ay pagsadsad din lalo ng moralidad ng bayan.

Higit na kailangan ngayon ng bansa ang mahuhusay at mabubuting mga guro, pero kung hindi matatanggap ng kanilang sektor ang tamang pagpapahalaga, marami at dadami pa lalo ang mga guro, tulad ng gurong musa ng tula, na pipiliing mag-resign, ang masakit, kung hindi susugal sa ibang larangan ay mangingibang bansa. Dayuhan ang makikinabang sa talino at panahon na dapat sana'y inilaan para sa bayan.

Sa kabilang banda, ang tula ay isa ring panawagan para sa isang pantay na pagtingin sa mga kababaihang naikahon nang matiisin at mapagsakripisyo. Tingin ko, sintomas ito ng naabuso nang "Filipino Resiliency". Nai-stereotype silang mahina at iyakin kaya kahit sa lunan o mundo ng pagtuturo'y ramdam ang ganoong kamalayan, naabuso tulad ng karanasan ng musa sa tula.

Totoong hindi lamang mental at pisikal na trabaho ang pagtuturo, emotional labor din ito. Pero ang tula'y nananawagan na oo nga't higit na maunawain ang mga babae, pero hindi ito dapat samantalahin. Sa huli'y tao rin sila. Likas na ngang nakakapagod ang pagtuturo'y dadaganan pang lalo nang hindi pa rin mabuwag-buwag na reyalidad na nasa minority pa ring sektor ang mga kababaihan. At dahil minority, magpapatuloy lang ang kultura ng pang-aabuso hangga't hindi totoong naisasapraktika ang mandato ng kagawaran na "No students shall left behind". Sana hindi lang ito sa mga estudyante, maging sa mga guro din. Walang maiiwang guro. Walang iiwanan na babaeng guro na lampas na nga sa oras ang trabaho'y gutom pa at hindi bayad; tulad ng danas ng musa sa tulang "Resignation Day".

▪▪▪

## Statements and Declarations

1. **Funding details.** This work has no support from a funding agency.

2. **Disclosure statement.** The author hereby confirms that no financial or non-financial interests have arisen from the direct application of my literary work.

   Also, the author has not been involved in any kind of sexual harassment, sexual exploitation, or abuse (SEA) complaint, allegation, or conviction.

3. **Declaration of Generative AI in Scientific Writing.** The author did not use any generative AI in writing this literary work.

4. **Ethical Approval.** This literary work did not undergo ethical approval, yet it is ethical because the author did not use any generative AI.

## References

Antonio, E. (2024 May 25). Just talks with Jazel and Cherrie kasama si Ms. Eve Antonio. DZME 1530.[Video].Facebook. https://tinyurl.com/yrz6j72y

Ka Lin. (2024, March 12). PAGBABAHAGI: *Noong nagkaanak ako nagbago na ang hugis ng katawan ko, ganyan ang nangyayari sa katawan ng isang babae pagkatapos niyang manganak* [Photo]. Facebook. https://www.facebook.com/photo/?fbid=7359949957406384&set=a.337361612998622

National Economic and Development Authority. (2019, October 2). *New NEDA study identifies reasons behind Filipino women's low labor participation rate.* [PDF]. https://drive.google.com/file/d/1v0j_nD64je8c2Q219YEDpCKl1VsXKc94/view

## Bionote

**John Lloyd C. Casoy,** a public-school teacher from Antipolo City, has a bachelor's degree in BSED Filipino and is currently finishing his thesis to obtain his MA degree with a program of Master ng Artes sa Filipino (Panatikan) at PUP Manila. He was a product of national fellowships for creative writing, such as the San Agustin Writers Workshop of the University of San Agustin, the DLSU Young Writers' Workshop in Local Languages of De La Salle University, and Palihang Rene O. Villanueva of the UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas of the University of the Philippines Diliman. Some of his literary works were published by Synchronized Chaos Magazine, Luntian Journal, Liwayway Magazine, and Takós: An Anthology of Gendered Refereed Literary Genres.